BABALA SA SEGURIDAD

Hindi Ito “Aksidente”

Pagkatapos mabigong maibenta ang iyong bike sa pamamagitan ng lokal na ad sa diyaryo, naglagay ka ng patalastas para sa iyong hindi gaanong nagamit na, 1980 Harley-Davidson sa isang espesyal na web site. Ilang oras matapos mailagay ang ad, ikaw ay tinawagan ng isang bumibili na nagsasabing bumibili ng mga dekalidad na gamit na bike para maibenta uli sa mga kolektor.

Ang lahat ay mukhang lehitimo Nakatanggap ka pa nga ng cashier’s check sa magdamag. Ang problema lang ay ang tseke ay naisulat na $5,000 na sobra sa presyo ng ibinenta. Ipinaliwanag ng bumibili na nagkaroon ng error at pinayuhan kang ideposito ang tseke at i-refund ang sobrang bayad gamit ang isang serbisyo sa pagpapadala ng pera. Sa pagtitiwala, ipinadala mo ang sobrang bayad at ipinadala ang ibinebenta.

Makalipas lang ang higit sa isang linggo, ipinaalam sa iyo ng bangko na peke ang tseke at, sa gayon, ay walang pondong nai-deposito sa iyong account. Sa kasawiang-palad, ang Harley-Davidson ay naipadala na, kasama ang $5,000 na cash, na nag-iiwan sa iyo na walang bike, walang pera at walang malalapitan.

Over-payment scam (Scam sa sobrang bayad)

Kinakailangan sa scam na ito ang isang tao na nag-aalok na bibili ng item na maaaring ibinebenta mo – kadalasan ay mamahaling item gaya motorsiklo, sasakyan o ilang uri ng espesyal na kagamitan. Sa ilang pakanang kadahilanan, ang bumibili ay nagbayad ng sobra sa halagang hinihingi, madalas na sinasabing ang sobrang bayad ay hindi sinasadya o kailangang bayaran ito sa isang third party na shipping agent. Ang scam ay nasa pagbabayad – karaniwang isang pekeng cashier’s check o money order.

Ang plano ay makuha kang ipadala ang sobra bago mo malaman na ang tseke ay peke. Sapagkat may ilang bangko na pumapayag na makuha ang pondo bago ma-clear ang isang item, maaaring hindi mo malaman ang tungkol sa panlilinlang hanggang sa huli na ang lahat. Kapag nalamang peke ang bayad, ang pondo ay kinukuha mula sa iyong account. Sa uri ng scam na ito, maaaring hindi lang ang “sobrang bayad” ang mawala sa iyo, kundi pati na rin ang item na iyong ibinebenta.

Kung naghihinala kang may over-payment scam, repasuhin ang mga sumusunod na tip bago magpadala ng pera:

1. Tandaan na hindi inirerekomenda ng Western Union ang paggamit ng serbisyo sa pagpapadala ng pera para magpadala ng pondo sa isang hindi kakilala.

2. Maging maingat sa mamimili na nagmamadaling matapos kaagad ang transaksiyon. Karamihan sa mga mamimili ay gugugol ng panahon sa pagtatanong ng at pakikipagtawaran sa presyo.

3. Makipag-alam sa iyong bangko upang malaman kung gaano katagal bago ma-clear ang tseke. Tandaan, hindi dahil ibinigay ng bangko sa iyo ang access sa pondo, hindi ito nangangahulugan na ang tseke ay ganap nang nai-clear.

BABALA SA SEGURIDAD

4. Hintayin hanggang ang tseke ay nag-clear bago ipadala ang halaga ng sobrang bayad.

5. Tandaan ang matandang kasabihan: Kung ang isang deal ay lubhang napakaganda na parang hindi na totoo, malamang na ganoon nga ito.

Lubos na sineseryoso ng Western Union ang problemang panlilinlang sa consumer. Pinahahalagahan namin ang aming mga consumer at alam namin na pinaghihirapan nila ang kanilang pera. Kung nalamangan sila sa pagiging biktima ng panlilinlang, pakiwari namin ay nalamangan din kami. Kung kaya kumikilos kami upang ipaalam ang iba't-ibang uri ng panlilinlang sa consumer. Kung sa iyong palagay ay naging biktima ka ng panlilinlang, kontakin ang iyong Attorney General at/o lokal na alagad ng batas.

# # #